Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 99-104**

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KGG. JOSEPH EJERCITO ESTRADA, PANGULO NG REPUBLIKA NG PULIPINAS, NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA NG ISANG (1) YUNIT NG AERIAL LADDER, ISANG (1) YUNIT NG FIRE TRUCK KASAMA ANG KUMPLETONG KAGAMITAN SA PAMATAY SUNOG, AT TATLONG (3) YUNIT NG RESCUE BOAT .**

* * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala nina:
Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.
Kon. Aldrin L. San Pedro
Kon. Jo Jason T. Alcaraz
Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.
Kon. Bal Niefes
Kon. Nicanor L. Echavez, MD
Kon. Victor L. Ulanday
Kon. Dante S. Almario
Kon. Elmer S. Espeleta
Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kon. Lucio B. Constantino
Kon. Mario E. Bulay, Jr.
Kon. Artemio A. Simundac
Kon. Allan Rey A. Camilon

* * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay at pagkakaloob ng ibat-ibang Lingkurang Panlipunan ay ilan lamang sa mga pangunahing programa ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang mabilis na pagsulong ng Lungsod ay nangangailangan ng karagdagan at dagliang pagtugon sa mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** sa mga trahedya at kalamidad na nararanasan, ang sunog at baha ay nangunguna sa nagdudulot ng matinding kapighatian sa buhay at ari-arian;

**SAPAGKAT,** ang Muntinlupa sa pagdagsa ng mga mamumuhunan na nagtatayo ng naglalakihang gusali, ay mangangailangan ng mga makabagong kagamitan upang pangalagaan ang kaligtasan at kabuhayan ng mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang Muntinlupa ay nakakasakop din ng malaking bahagi ng "coastal area" sa Lawa ng Laguna, na tinitirahan at pinananahanan ng nakararaming mahihirap na mamamayan, at kung saan ang pangingisda (pagbabaklad, paglalagay ng fish pen at pamamalakaya) ay isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, ang Pamahalaang Lungsod ay kulang pa sa kakayanan, sa kawalan ng sapat na halaga, upang tugunan ang pagbili ng mga makabagong kagamitan na maaaring gamitin sa pagbibigay ng mabilis at mahusay na paglilingkuran;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod na hilingin, na ngayon ay hinihiling sa **Kgg. Joseph Ejercito Estrada,** Pangulo ng Republika ng Pilipinas, na mapagkalooban ang Pamahalang Lungsod ng Muntinlupa ng isang (1) yunit ng **Aerial Ladder**, isang (1) yunit ng **Fire Truck** kasama ang kumpletong kagamitan sa pamatay sunog, at tatlong (3) yunit ng **Rescue Boat**.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong 26 Mayo 1999, sa ginanap na ika-40 Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

*Mggl.* **RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

*Mggl.* **JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

*Mggl.* **PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

*Dr.* **NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sang. Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

***Mggl.* JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 6-1-99

norie



Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196